

Hulyo 3, 2025

Mahalagang paunawa mula sa Departamento ng mga Serbisyon
Pangkaunlaran (Department of Developmental Services) tungkol sa:

Kodigo ng Katayuan "M" (Monitoring) sa SANDIS

C-2025-Pamamahala ng Kaso-002

Ano ang Dapat Malaman

May bagong kodigo ng katayuan na "M" sa sistema ng pamamahala ng kaso sa sentrong pangrehiyon (SANDIS). Nakakatulong ang bagong kodigo na ito na mahanap ang mga tao na nasa mga lugar tulad ng kulungan, bilangguan, o ospital ng kalusugan sa pag-iisip. Maaaring mahirap para sa sentrong pangrehiyon na maabot sila sa mga lugar na ito. Ang mga taong ito ay mayroon pa ring mga aktibong kaso, ngunit ang mga serbisyon natatanggap nila ay maaaring mabago base sa kung nasaan sila. Ang bagong kodigo na ito ay ginagamit upang panatilihin bukas ang kanilang mga kaso. Ang sentrong pangrehiyon ay binibisita pa rin ang mga taong ito kung kinakailangan at tutulungan ang mga tao na lumipat sa at mula sa mga ganitong uri ng mga lugar. Dapat ipaalam ng mga sentrong pangrehiyon sa kanilang mga tauhan ang tungkol sa bagong kodigo na ito.

Ano ang Magbabago

- Hindi na isinasara o ginagawang hindi aktibo ng mga sentrong pangrehiyon ang mga kaso para sa mga taong nasa kulungan, bilangguan, nasa labas ng estado (para sa mga nasa hustong gulang), mga ospital sa kalusugan ng pag-iisip o iba pang mahirap maabot na mga lugar.
- Ang mga kaso ng Kodigo "M" ay mananatiling bukas, kahit na mahirap makipag-ugnayan ang tao.
- Hindi na kailangang muling gawing aktibo ng mga tao ang kanilang kaso kapag kailangan nilang muli ng mga serbisyo sa sentrong pangrehiyon.
- Ang pagbabagong ito ay tumutulong sa sentrong pangrehiyon na patuloy na suportahan at suriin ang mga taong ito.

Mga tanong?

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa direktiba na ito, maaari mong tanungin ang iyong tagapag-ugnay ng serbisyo para sa higit pang impormasyon.

Matuto Pa

Ang buong listahan ng Mga Kodigo ng Katayuan ay makukuha dito:

https://www.dds.ca.gov/wp-content/uploads/2024/07/Enclosure_E_Status_Codes.pdf